# Aral Mula sa Sermon ni Jesus sa Bundok Yugto 19

"6 Mapapalad ang nangagugutom at  sa katuwiran: sapagka't sila'y bubusugin." (Mateo 6:6)

Magpapatuloy tayo sa mensahe ito upang magaral paano mangagutom st mangauhaw sa katuwiran mula sa pagaaral ng buhay ng matuwid na tao na si Cornelius.

1At may isang lalake nga sa Cesarea, na nagngangalang Cornelio, senturion ng pulutong na tinatawag na pulutong Italiano. 2 Isang taong masipag sa kabanalan at matatakutin sa Dios siya at ang buong sangbahayan at naglimos ng marami sa mga tao, at laging nananalangin sa Dios. 3 Nakita niyang maliwanag, sa isang pangitain, nang may oras na ikasiyam ng araw, na pumapasok na patungo sa kaniya ang isang anghel ng Dios, at nagsasabi sa kaniya, Cornelio. 4At siya, sa pagtitig niya sa kaniya, at sa pagkatakot niya, ay nagsabi, Ano ito, Panginoon? At sinabi niya sa kaniya, Ang mga panalangin mo at ang iyong mga paglilimos ay nangapailanglang na isang alaala sa harapan ng Dios. 5At ngayo'y magsugo ka ng mga tao sa Joppe, at ipagsama mo yaong Simon, na may pamagat na Pedro; 6Siya'y nanunuluyan sa isa na Simong mangluluto ng balat, na ang kaniyang bahay ay nasa tabi ng dagat. 7At nang umalis ang anghel na sa kaniya'y nagsalita, ay tumawag siya ng dalawa sa kaniyang mga alila, at ng isang kawal na masipag sa kabanalan sa mga nagsisipaglingkod sa kaniyang parati; 8At nang maisaysay na sa kanila ang lahat ng mga bagay, sila'y sinugo niya sa Joppe.9 Nang kinabukasan nga samantalang sila'y patuloy sa kanilang paglalakad, at nang malapit na sa bayan, si Pedro ay umakyat sa ibabaw ng bahay upang manalangin, nang may oras na ikaanim; 10At siya'y nagutom at nagnais kumain: datapuwa't samantalang nangaghahanda sila, ay nawalan siya ng diwa; 11At nakita niyang bukas ang langit, at may isang sisidlang bumababa, gaya ng isang malapad na kumot, na nakabitin sa apat na panulok na bumababa sa lupa: 12Na doo'y naroroon ang lahat ng uri ng mga hayop na may apat na paa at ang mga nagsisigapang sa lupa at ang mga ibon sa langit. 13At dumating sa kaniya ang isang tinig, Magtindig ka, Pedro; magpatay ka at kumain. 14Datapuwa't sinabi ni Pedro, Hindi maaari, Panginoon; sapagka't kailan ma'y hindi ako kumain ng anomang bagay na marumi at karumaldumal. 15At muling dumating sa kaniya ang tinig sa ikalawa, Ang nilinis ng Dios, ay huwag mong ipalagay na marumi. 16 At ito'y nangyaring makaitlo: at pagdaka'y binatak sa langit ang sisidlan.17 Samantalang natitilihang totoo si Pedro sa kaniyang sarili, kung ano ang kahulugan ng pangitaing kaniyang nakita, narito, ang mga taong sinugo ni Cornelio, nang maipagtanong ang bahay ni Simon, ay nangagsitayo sa harapan ng pintuan. 18At nanga sitawag at nangagtanong kung si Simon, na pinamagatang Pedro, ay nanunuluyan doon. 19At samantalang iniisip ni Pedro ang tungkol sa pangitain, ay sinabi sa kaniya ng Espiritu, Narito, hinahanap ka ng tatlong tao. 20Datapuwa't magtindig ka, at manaog ka, at sumama ka sa kanila, na huwag kang magalinlangan ng anoman: sapagka't sila'y aking sinugo. 21At pinanaog ni Pedro ang mga tao, at sinabi, Narito, ako ang hinahanap ninyo: ano baga ang dahil ng inyong ipinarito? 22At sinabi nila, Ang senturiong si Cornelio, na taong matuwid at matatakutin sa Dios, at may mabuting patotoo ng buong bansa ng mga Judio, ay pinagpaunawaan ng Dios sa pamamagitan ng isang banal na anghel na ikaw ay paparoonin sa kaniyang bahay, at upang makarinig sa iyo ng mga salita. 23Kaya't sila'y pinapasok at pinatuloy sila. At nang kinabukasa'y nagbangon siya at umalis na kasama nila, at siya'y sinamahan ng ilang kapatid na mula sa Joppe. 24At nang kinabukasa'y nagsipasok sila sa Cesarea. At sila'y hinihintay ni Cornelio, na tinipon nito ang kaniyang kamaganakan at ang kaniyang mga kaibigang minamahal. 25At nangyari, na pagpasok ni Pedro, ay sinalubong siya ni Cornelio, at nagpatirapa sa kaniyang paanan, at siya'y sinamba. 26Datapuwa't itinindig siya ni Pedro, na sinasabi, Magtindig ka; ako man ay tao rin. 27At sa pakikipagsalitaan niya sa kaniya, ay pumasok siya, at kaniyang naratnan ang maraming nangagkakatipon: 28At sinabi niya sa kanila, Nalalaman ninyo na hindi matuwid sa isang taong Judio na makisama lumapit sa isang taga ibang bansa; at gayon ma'y ipinakilala sa akin ng Dios, na sinomang tao'y huwag kong tawaging marumi o karumaldumal: 29 Dahil din dito'y naparito akong hindi tumutol ng anoman, nang ako'y ipasundo. Itinatanong ko nga kung sa anong kadahilanan ipinasundo ninyo ako.30 At sinabi ni Cornelio, May apat nang araw, hanggang sa oras na ito, na aking ginaganap ang pananalangin sa oras na ikasiyam sa bahay ko; at narito, tumindig sa harapan ko ang isang lalake na may pananamit na nagniningning, 31At sinabi, Cornelio, dininig ang dalangin mo, at ang iyong mga paglilimos ay inaalaala sa paningin ng Dios. 32Magsugo ka nga sa Joppe, at ipatawag mo si Simon, na pinamagatang Pedro; siya'y nanunuluyan sa bahay ni Simong. 33Pagdaka nga'y nagsugo ako sa iyo; at mabuti ang ginawa mo't naparito ka. Ngayon nga'y kaming lahat ay nangaririto sa paningin ng Dios, upang j ang lahat ng mga bagay na sa iyo'y ipinagutos ng Panginoon.34 At binuka ni Pedro ang kaniyang bibig, at sinabi, Tunay ngang natatalastas ko na hindi nagtatangi ang Dios ng mga tao: 35 Kundi sa bawa't bansa siya na may takot sa kaniya, at gumagawa ng katuwiran, ay kalugodlugod sa kaniya. 36 Ang salita na kaniyang ipinadala sa mga anak ni Israel, na ipinangangaral ang evangelio ng kapayapaan sa pamamagitan ni Jesucristo (siya'y Panginoon ng lahat:) 37 Talastas ninyo ang salitang ito na nahayag sa buong Judea, magbuhat sa Galilea, pagkatapos ng bautismo na ipinangaral ni Juan; 38 Sa makatuwid baga'y si Jesus na taga Nazaret, kung paanong siya'y pinahiran ng Dios ng Espiritu Santo at ng kapangyarihan: na naglilibot na gumagawa ng mabuti, at nagpapagaling sa lahat ng mga pinahihirapan ng diablo; sapagka't sumasa kaniya ang Dios. 39 At mga saksi kami sa lahat ng mga bagay na ginawa niya sa lupain ng mga Judio, at sa Jerusalem; na siya nama'y kanilang pinatay, na siya'y ibinitin sa isang punong kahoy. 40 Siya'y muling binuhay ng Dios nang ikatlong araw, at siya'y itinalagang mahayag. 41 Hindi sa buong bayan, kundi sa mga saksi na hinirang ng Dios nang una, sa makatuwid baga'y sa amin, na nagsikain at nagsiinom na kasalo niya, pagkatapos na siya'y muling mabuhay sa mga patay. 42 At sa ami'y ipinagbilin niya na magsipangaral kami sa bayan, at saksihan na siya ang itinalaga ng Dios na maging Hukom ng mga buhay at ng mga patay. 43 Siya ang pinatotohanan ng lahat ng mga propeta, na ang bawa't sumasampalataya sa kaniya ay magkakamit ng kapatawaran sa mga kasalanan sa pamamagitan ng kaniyang pangalan. 44 Samantalang nagsasalita pa si Pedro ng mga salitang ito, ay bumaba ang Espiritu Santo sa lahat ng nangakikinig ng salita. 45 At silang sa pagtutuli na nagsisampalataya ay nangamanghang lahat na nagsiparoong kasama ni Pedro, sapagka't ibinuhos din naman sa mga Gentil ang kaloob na Espiritu Santo. 46 Sapagka't nangarinig nilang nangagsasalita ang mga ito ng mga wika, at nangagpupuri sa Dios. Nang magkagayo'y sumagot si Pedro, 47 Mangyayari bagang hadlangan ng sinoman ang tubig, upang huwag mangabautismuhan itong mga nagsitanggap ng Espiritu Santo na gaya naman natin? 48 At inutusan niya sila na magsipagbautismo sa pangalan ni Jesucristo. Nang magkagayo'y kanilang ipinamanhik sa kaniya na matirang mga ilang araw." (Mga Gawa 10:1-48)

Sa nauna nating mensahe natukoy natin na ang mga sumusunod na punto tungkol kay Cornelio at paano siya naging matuwid na tao sa anong kanyang ginawa at ano ang kanyang natanggap mula sa Panginoon.

1. Si Cornelio ay taong masipag sa kabanalan.
2. Si Cornelio ay may takot sa Diyos.
3. Si Cornelio ay may takot sa Diyos at kanyang buong sangbahayan.
4. Si Cornelio ay magbigay ng higit na limos sa mga mahihirap na tao.
5. Si Cornelio ay namumuhay ng palagiang pananalangin.
6. Si Cornelio ay namumuhay ng may pagaayuno.
7. Si Cornelio ay may magandang balita sa mga tao ng Diyos
8. Si Cornelio ay may kasiguraduhan galing sa Diyos.
9. Si Cornelio ay matuwid na tao na kinukuha ang babala ng Diyos.

Tayo ngayon ay magpatuloy:

10. Dahil sa pagsunod ni Cornelio ay nabago ang paguugali ni Pedro. Pagkatapos ng pagsunod ni Cornelio sa Diyos at pagpapadala ng tao kay Pedro. Nagsalita ang Panginoon sa pangitain kay Pedro na siya at ang simbahan ay dapat ikonsidera ang mga hentil na nais sumunod sa Diyos bilang malinis. "9 Nang kinabukasan nga samantalang sila'y patuloy sa kanilang paglalakad, at nang malapit na sa bayan, si Pedro ay umakyat sa ibabaw ng bahay upang manalangin, nang may oras na ikaanim; 10 At siya'y nagutom at nagnais kumain: datapuwa't samantalang nangaghahanda sila, ay nawalan siya ng diwa; 11 At nakita niyang bukas ang langit, at may isang sisidlang bumababa, gaya ng isang malapad na kumot, na nakabitin sa apat na panulok na bumababa sa lupa: 12 Na doo'y naroroon ang lahat ng uri ng mga hayop na may apat na paa at ang mga nagsisigapang sa lupa at ang mga ibon sa langit. 13 At dumating sa kaniya ang isang tinig, Magtindig ka, Pedro; magpatay ka at kumain. 14 Datapuwa't sinabi ni Pedro, Hindi maaari, Panginoon; sapagka't kailan ma'y hindi ako kumain ng anomang bagay na marumi at karumaldumal. 15 At muling dumating sa kaniya ang tinig sa ikalawa, Ang nilinis ng Dios, ay huwag mong ipalagay na marumi. 16 At ito'y nangyaring makaitlo: at pagdaka'y binatak sa langit ang sisidlan." (Mga Gawa 10:9-16) Nagpadala ng ganitong pangitain ang Diyos kay Pedro upang hikatyin siya na isaalang alang ang mga hentil bilang malinis na tao saan sila'y nagpasya na mabuhay para sa Diyos at sumunod sa kabutihan ng Diyos sa pamamagitan ng pananampalataya sa buhay ni Hesukristo ating Panginoon. Kung tayo ay namumuhay ng matuwid na kaaya aya sa Panginoon. Ang Panginoon mismo ang magbabago ng puso ng mga tao at magbibigay ng pabor sa atin patungo sa Kanya.

"17Samantalang natitilihang totoo si Pedro sa kaniyang sarili, kung ano ang kahulugan ng pangitaing kaniyang nakita, narito, ang mga taong sinugo ni Cornelio, nang maipagtanong ang bahay ni Simon, ay nangagsitayo sa harapan ng pintuan. 18 At nangagsitawag at nangagtanong kung si Simon, na pinamagatang Pedro, ay nanunuluyan doon. 19 At samantalang iniisip ni Pedro ang tungkol sa pangitain, ay sinabi sa kaniya ng Espiritu, Narito, hinahanap ka ng tatlong tao. 20 Datapuwa't magtindig ka, at manaog ka, at sumama ka sa kanila, na huwag kang magalinlangan ng anoman: sapagka't sila'y aking sinugo." (Mga Gawa 10:17-20) Kung tayo ay namumuhay ng matuwid na nais ng Diyos, Hindi Nya lamang tayo tatanggapin at bibigyang kasiguraduhan at aliwin tayo ngunit babaguhin niya ang puso ng mga tao at ang kanila paninimdigan tungo sa atin at bibigyan Niya tayo ng pabor at itaas tayo na karadagan sa Kanyang kaharian. Si Cornelio ay nagmula sa mga Hentil, na kung saan ang buhay nila ay nadumihan ng kaharasan, walang mabuting paghatol, pangangalunya, maraming pagpapakasal, kapistahan, pagkaing inigmhandog sa dios diosan, datawpat si Cornelio ay piniling sumunod sa Diyos at mamuhay ng matuwid para sa Kanya, at para sa kadahilanang ito ang Panginoon ay may ginawa para sa kanya upang magkaroon ng pabor mula sa simbahan.

11. Si Cornelio ay nagpakumbaba bago sa Diyos bilang pagsunod niya sa Diyos na gawin ang mabuting bagay na gusto ng Diyos na gawin niya."5 At ngayo'y magsugo ka ng mga tao sa Joppe, at ipagsama mo yaong Simon, na may pamagat na Pedro; 6 Siya'y nanunuluyan sa isa na Simong mangluluto ng balat, na ang kaniyang bahay ay nasa tabi ng dagat." (Mga Gawa 10:5-6) Ang Diyos ay nagsalita ng malinaw kay Cornelio na kailangan niya ipasunod si Pedro, ang apostol ni Jesus, na siyang magsasabi sa kanya, kung ano ang kailangan niya pang gawin upang mangagutom at mangauhaw sa katuwiran. Si Cornelio ay mabilis na sumunod sa Diyos at nagpadala para kay Pedro. Sa pareho kaparaanan, kailangan nating magpakumbaba bago sa Diyos at tanggapin na makipagugnayan sa simbahan na inilagay ng Diyos sa atin.

12. Si Cornelio ay nagpakumbaba Kay Pedro sa pagtanggap ng pagtutuwid na kailangan niyang matanggap. "25 At nangyari, na pagpasok ni Pedro, ay sinalubong siya ni Cornelio, at nagpatirapa sa kaniyang paanan, at siya'y sinamba.26 Datapuwa't itinindig siya ni Pedro, na sinasabi, Magtindig ka; ako man ay tao rin." (Mga Gawa 10:25-26) Ang matuwid na tao ay hindi alam ang lahat ng katotohanan ng Diyos, ngunit silay may kakumbabaan na tanggapin ang pagtutuwid at payo ng may buong pagpapakumbaba. Hindi natin kailangan lumuhod sa kahit kanino paa ng lalaki ng Diyos. Subalit kailangan natin makinig at sumunod sa Salita ng Diyos na ipinadala ng Panginoon sa pamamagitan nila. Ang babala ng Diyos kay Cornelio ay magpadala kay Pedro ng sa ganon siya ang magsabi sa kanila ng susunod na hakbang sa kanyang buhay at ano ang gusto ng Diyos na maging. Ilan sa mga tao kaysa kay Cornelio ay hindi magaabala na nagpadala kay Pedro, lalo na siya ay nasa Ceasaria at kailangan ipadala si Pedro sa Joppa, na nasa bahay ni Simon na mangungulti, na nasa tabi ng dagat. Ito ay paglalakbay, kailangan niyang magpadala ng tao para maglakbay, kailangan niya gumastos, ito ay kakulangan ng ginhawa sa kanya, pati na din na maaring hindi nila ito makita. Sa lahat ng ito pinili ni Cornelio na sumunod sa Diyos. Anuman ang pangyayari na nakapaligid o anumang pangyayari na andoon ka, Ang gusto ng Panginoon ay manatili na sumunod sa Kanya at tuparin ang Kanyang tagubilin. Sasaklolohan ka ng Diyos kapag ikaw ay sumunod sa Kanya; ibibigay ng Diyos ang kailangan mo at ituturo sa daan na gusto Niyang puntahan mo. Lahat ng anomang ginawa ni Cornelio ay matuwid, subalit gusto ng Diyos na mangagutom at mangauhaw pa siya sa katuwiran, kinakailangan niya magpadala para kay Pedro upang tagubilinan siya kung paano gawin para sa Diyos.

Upang mangagutom at mangauhaw sa katuwiran ay makinig sa pagtutuwid na naayon sa Bibliya at sa katuruan na natanggap mula sa sinumang inilagay ng Diyos sa atin na nasa Panginoon.

13. Si Cornelio ay naghihintay na matanggap ang Salita ng Diyos at ano ang ipinadala ng Diyos sa kanya sa pamamagitan ni Apostol Pedro. "24 At nang kinabukasa'y nagsipasok sila sa Cesarea. At sila'y hinihintay ni Cornelio, na tinipon nito ang kaniyang pi nsan at ang kaniyang mga kaibigang minamahal." (Mga Gawa 10:24) Sinabi ni Cornelio kay Pedro ang lahat ng nangyari sa kanya at paano nagsalita ang Diyos sa kanya upang ipatawag siya at paano siya nagmadali na magpasugo para sa kanya."Pagdaka nga'y nagsugo ako sa iyo; at mabuti ang ginawa mo at naparito ka." Tapos nagsalita pa si Cornelio kay Pedro, " Ngayon nga'y kaming ahat ay nangaririto sa paningin ng Diyos, upang dinggin ang lahat ng bagay na sa iyo'y ipinaguutos ng Panginoon." (Mga Gawa 10:33) Upang mangagutom at mangauhaw sa katuwiran kailangan nating magtiis na maghintay sa pagtanggap ng Salita ng Diyos at ano ang ipapadala ng Diyos sa atin at ituturo sa pamamagitan ng Kanyang simbahan.

14. Si Cornelio ay nagimbita ng kanyang mga kamaganak at kaibigan."24 At nang kinabukasa'y nagsipasok sila sa Cesarea. At sila'y hinihintay ni Cornelio, na tinipon nito ang kaniyang kamaganakan at ang kaniyang mga kaibigang minamahal. 27 At sa pakikipagsalitaan niya sa kaniya, ay pumasok siya, at kaniyang naratnan ang maraming nangagkakatipon:33 Pagdaka nga'y nagsugo ako sa iyo; at mabuti ang ginawa mo't naparito ka. Ngayon nga'y kaming lahat ay nangaririto sa paningin ng Dios, upang dinggin ang lahat ng mga bagay na sa iyo'y ipinagutos ng Panginoon." (Mga Gawa 10:24,27,33) Ang matuwid na tao at sinumang nangagugutom at nangangauhaw para sa katuwiran, ay nagiimbita ng kanilang mga kaibigan at kanilang kamaganak upang pumunta at marinig ang Salita ng Diyos ng sa ganon silay makapunta sa tamang pananampalataya. Noong nagsalita ang Diyos Kay Pedro na pumunta, kailangan niya pumunta Kay Cornelio upang sabihin sa kanya kung ano ang gusto ng Diyos na marinig niya. Noong nagpadala si Cornelio para kay Pedro, inimbitahan niya nag kanyang mga kamaganakan , at kanyang mga pinsan sa kasama ang kanyang sangbahayan ng sa ganon ay marinig ang Salita ng Diyos. Upang mangagutom at mangauhaw para sa katuwiran, kailangan nating imbihatahin ang ating mga kaibigan, ang ating mga pinsan, at karagadagan ay ating sangbahayan upang marinig ang Salita ng Diyos.

15. Si Cornelio at ang mga tao kasama niya ay hindi nasaktan sa narinig na katotohanan: Si Cornelio ay naghihintay na matanggap ang Salita ng Diyos at ano ang ipinadala ng Diyos sa kanya sa pamamagitan ni Apostol Pedro. "28At sinabi niya sa kanila, Nalalaman ninyo na hindi matuwid sa isang taong Judio na makisama lumapit sa isang taga ibang bansa; at gayon ma'y ipinakilala sa akin ng Dios, na sinomang tao'y huwag kong tawaging marumi o karumaldumal: 29Dahil din dito'y naparito akong hindi tumutol ng anoman, nang ako'y ipasundo. Itinatanong ko nga kung sa anong kadahilanan ipinasundo ninyo ako." (Mga Gawa 10:28-29) Ang matuwid na tao ay hindi nasasaktan na marinig ang katotohanan. Marami kapag nagsalita ka ng totoo, sila'y magbigay ng reaksyon at masaktan. Ngunit sa napagmasdan natin dito, noong nagsalita na si Pedro ng katotohanan sa mga tao na nasa bagay ni Cornelio at sinabi niya ang napagdaanan niya bago siya makarating sa kanila at paano ang kanyang nararamdan na laban sa kanila, dahil silay ikinokosidera na hindi malinis para sa kanya, ngunit sila'y hindi nasaktan. Si Pedro ay hindi masalimuot magsalita sa kanila. Hindi niya kailangan na gumawa ng pasimula na kailangan hatiin ang istorya upang makapasok sa puso ng isang paksa. Bakit ang tao ngayo'y madaling masaktan kapag narinig nila ang katotohanan? Sapagkat sa panahon ngayon ang pananalita ng nasa simbahan ay pagpapapuri, kaya naman kung bakit ang mga tao ay hindi makayanan ang direktang pagtuturo ng Salita.

Ang matuwid na tao at sinumang nangagutom at nangauhaw para sa katuwiran ay mapagpakumbaba at hindi madaling masaktan, magbigay reaksyon at magalit kapag narinig nila ang katotohanan o kung ano ang sinabi ng tao tungkol sa kanila. Hindi kailangan ni Pedro na magsalita ng magaling na paraan sa pagsasalita sa kanila; deretshan niya sinabi at sila'y maayos sa ano kanilang narinig. Hindi ko sinasabi na huwag maging mataktika, ngunit ang matuwid na tao ay hindi dapat masaktan kung ang iba ay nagsasabi ng totoo at realidad. Upang mangagutom at mangauhaw para sa katuwiran ay maging mapagkumbaba at hindi madaling masaktan, magbigay reaksyon o magalit kung saan narinig ang katotohanan at ano ang sinasabi ng tao tungkol sayo.

16. Si Cornelio, ang kanyang sangbahayan, kanyang kamaganakan, at kaibigan ay tinanggap si Kristo noong nagpahayag si Pedro ng Mabuting Balita sa kanila: "34At binuka ni Pedro ang kaniyang bibig, at sinabi, Tunay ngang natatalastas ko na hindi nagtatangi ang Dios ng mga tao: 35Kundi sa bawa't bansa siya na may takot sa kaniya, at gumagawa ng katuwiran, ay kalugodlugod sa kaniya. 36Ang salita na kaniyang ipinadala sa mga anak ni Israel, na ipinangangaral ang evangelio ng kapayapaan sa pamamagitan ni Jesucristo (siya'y Panginoon ng lahat:) 37Talastas ninyo ang salitang ito na nahayag sa buong Judea, magbuhat sa Galilea, pagkatapos ng bautismo na ipinangaral ni Juan; 38Sa makatuwid baga'y si Jesus na taga Nazaret, kung paanong siya'y pinahiran ng Dios ng Espiritu Santo at ng kapangyarihan: na naglilibot na gumagawa ng mabuti, at nagpapagaling sa lahat ng mga pinahihirapan ng diablo; sapagka't sumasa kaniya ang Dios. 39At mga saksi kami sa lahat ng mga bagay na ginawa niya sa lupain ng mga Judio, at sa Jerusalem; na siya nama'y kanilang pinatay, na siya'y ibinitin sa isang punong kahoy. 40Siya'y muling binuhay ng Dios nang ikatlong araw, at siya'y itinalagang mahayag. 41Hindi sa buong bayan, kundi sa mga saksi na hinirang ng Dios nang una, sa makatuwid baga'y sa amin, na nagsikain at nagsiinom na kasalo niya, pagkatapos na siya'y muling mabuhay sa mga patay. 42At sa ami'y ipinagbilin niya na magsipangaral kami sa bayan, at saksihan na siya ang itinalaga ng Dios na maging Hukom ng mga buhay at ng mga patay. 43Siya ang pinatotohanan ng lahat ng mga propeta, na ang bawa't sumasampalataya sa kaniya ay magkakamit ng kapatawaran sa mga kasalanan sa pamamagitan ng kaniyang pangalan." (Mga Gawa 10:34-43) Ipinakilala ni Pedro sa kanila si Jesus, ano ang kanyang ginawa, Kanyang milagro, Kanyang pagsaway laban sa

demonyo, Kanyang pagsangayon mula sa Diyos, Kanyang pagkamatay sa krus at Kanyang pagkabuhay mula sa kamatayan. Sinabi din ni Pedro tungkol sa kanyang sarili na pinili kasama ng iba pa na nakasaksi sa lahat ng mga bagay; sila'y kumain at uminom kasama si Jesus pagkatapos ng pagkabuhay Niya at sila'y inutusan ni Jesus na magpahayag sa mga tao at mag patotoo at Siya ay itinalaga na maging hatol sa buhay at patay. Kinumpirma din ni Pedro sa kanila na ang mga propeta na nagpatoto at nagsulat tungkol Kay Jesus, na sinumang maniwala ay makatatangagap ng kapatawaran sa kanilang mga kasalanan. Habang nagsasalita si Pedro, silay tumanggap ng Salita ng Diyos at tinanggap si Kristo bilang tagapagligtas at Panginoon ng kanilang buhay. Upang mangagutom at mangauhaw para sa katuwiran ay tanggapin si Kristo bilang tagapagligtas at Panginoon sa iyong buhay.

17. Ang matuwid na tao ay kailangang magsisi at tanggapin si Kristo upang maligtas. Ang matuwid na tao ay mapagkumbaba na tao na handang magsisi sa kanilang mga kasalanan at tanggapin si Kristo kapag naihayag ang Kaniyang sarili sa kanila. Ang Kasulatan ay ipinapaalam sa atin na ang Simbahan na nasa Jerusalem ay kinunpirma na si Cornelio at sinumang kasama niya ay nagsisisi: "18 At nang marinig nila ang mga bagay na ito, ay nagsitahimik sila, at niluwalhati ang Dios, na sinasabi, Kung gayo'y binigyan din naman ng Dios ang mga Hentil ng pagsisisi sa ikabubuhay." (Mga Gawa 11:18) Si Kristo ay nagpahayag kay Cornelio at sa mga tao na kasama nya sa pamamagitan ng mensahe ni Pedro, at tinanggap ng Diyos ang kanilang pagsisisi. Upang mangagutom at mangauhaw para sa katuwiran ay magsisi ka sa iyong mga kasalanan at mamuhay ng para sa Diyos.

Ang pruweba na natanggap nila si Kristo, sila'y nabawtismuhan ng Banal na Espiritu, "44 Samantalang nagsasalita pa si Pedro ng mga salitang ito, ay bumaba ang Espiritu Santo sa lahat ng nangakikinig ng salita. 45 At silang sa pagtutuli na nagsisampalataya ay nangamanghang lahat na nagsiparoong kasama ni Pedro, sapagka't ibinuhos din naman sa mga Gentil ang kaloob na Espiritu Santo. 46 Sapagka't nangarinig nilang nangagsasalita ang mga ito ng mga wika, at nangagpupuri sa Dios.” (Mga Gawa 10:44-46)

18. Ang Matuwid na tao ay kailangan makatanggap ng bautismo ng Banal na Espiritu: "44Samantalang nagsasalita pa si Pedro ng mga salitang ito, ay bumaba ang Espiritu Santo sa lahat ng nangakikinig ng salita. 45At silang sa pagtutuli na nagsisampalataya ay nangamanghang lahat na nagsiparoong kasama ni Pedro, sapagka't ibinuhos din naman sa mga Gentil ang kaloob na Espiritu Santo. 46Sapagka't nangarinig nilang nangagsasalita ang mga ito ng mga wika, at nangagpupuri sa Dios." (Mga Gawa 10:44-46) Upang mangagutom at mangauhaw para sa katuwiran ay makatanggap ng Bautismo ng Banal na Espiritu. Dito ang bautismo ng Banal na Espiritu kay Cornelio, sa kaniyang sangbahayan, at sa kanyang kaibigan at pinsan ay dumating bago ang bautismo ng tubig. Posibleng hinayaan ng Diyos upang siguraduhin kay Pedro at sinumang dumating kasama niya na sila'y totoong sa ngayon ay mananampalataya ni Kristo.

19. Ang matuwid na tao ay kailangang makatanggap ng bautismo ng tubig: "46 Sapagka't nangarinig nilang nangagsasalita ang mga ito ng mga wika, at nangagpupuri sa Dios. Nang magkagayo'y sumagot si Pedro, 47Mangyayari bagang hadlangan ng sinoman ang tubig, upang huwag mangabautismuhan itong mga nagsitanggap ng Espiritu Santo na gaya naman natin? 48 At inutusan niya sila na magsipagbautismo sa pangalan ni Jesucristo. Nang magkagayo'y kanilang ipinamanhik sa kaniya na matirang mga ilang araw." (Mga Gawa 10:46-48) Si Cornelio, kanyang sangbahayan, at kanyang mga kaibigan at mga pinsan sila'y nabautismuhan ng tubig. Upang mangagutom at mangauhaw para sa katuwiran ay makatanggap ng bautismo ng tubig.

20. Ang matuwid na tao ay kailangan maging maayos at ilagay sa Simabahan ng Diyos. "5 At ngayo'y magsugo ka ng mga tao sa Joppe, at ipagsama mo yaong Simon, na may pamagat na Pedro; 6 Siya'y nanunuluyan sa isa na Simong mangluluto ng balat, na ang kaniyang bahay ay nasa tabi ng dagat." (Mga Gawa 10:5-6) Ang Panginoon ay ginawang lahat ng kaayusan na kailangan ni Cornelio na nagpadala kay Apostol Pedro upang marinig mula sa kanya kaya siya at kanyang pamilya, kamaganak, kaibigan at kanyang ministerio ay mapabilang sa simbahan ng Diyos na pinalawak hanggang Caesera at nadagdagan pa.Si Cornelio at ang mga tao kasama niyang mga hentil, iniligtas sila ng Panginoon at ibinilang sila sa Kanyang simbahan. Ang mga Apostol at ang mga kapatiran na nasa Judea nangapuri sa Diyos pagkatapos na marinig ang balita ni Apostol Pedro kung paano tinanggap ng mga Hentil si Kristo. "18 At nang marinig nila ang mga bagay na ito, ay nagsitahimik sila, at niluwalhati ang Dios, na sinasabi, Kung gayo'y binigyan din naman ng Dios ang mga Gentil ng pagsisisi sa ikabubuhay." (Mga Gawa

11:18) Karadagan dito ang simbahan sa Jerusalem, sa hinaharap na pangyayari, habang sila'y nagpapasiya tungkol sa simbahan ng mga Hentil, nag patotoo si Pedro tungkol sa ano nangyari sa bahay ni Cornelio. "7At pagkatapos ng maraming pagtatalo, ay nagtindig si Pedro, at sinabi sa kanila, Mga kapatid, nalalaman ninyo na nang unang panahong nakaraan ay humirang ang Dios sa inyo, upang sa pamamagitan ng aking bibig ay mapakinggan ng mga Gentil ang salita ng Evangelio, at sila'y magsisampalataya.8 At ang Dios, na nakatataho ng puso, ay nagpatotoo sa kanila, na sa kanila'y ibinigay ang Espiritu Santo, na gaya naman ng kaniyang ginawa sa atin; 9 At tayo'y hindi niya itinangi sa kanila, na nilinis sa pamamagitan ng pananampalataya ang kanilang mga puso." (Mga Gawa 15:7-9) habang nagpapatotoo si Apostol Pedro, si Apostol Santiago ay pinagtibay sa pagsasalita sa sumusunod: "13 At nang matapos na silang magsitahimik, ay sumagot si Santiago, na sinasabi, Mga kapatid, pakinggan ninyo ako: 14 Sinaysay na ni Simeon kung paanong dinalaw na una ng Dios ang mga Gentil, upang kumuha sa kanila ng isang bayan sa kaniyang pangalan.15 At dito'y nasasangayon ang mga salita ng mga propeta; gaya ng nasusulat,16 Pagkatapos ng mga bagay na ito, ako'y babalik, At muli kong itatayo ang tabernakulo ni David, na nabagsak; At muli kong itatayo ang nangasira sa kaniya. At ito'y aking itatayo:17 Upang hanapin ng nalabi sa mga tao ang Panginoon, At ng lahat ng mga Gentil, na tinatawag sa aking pangalan," (Mga Gawa 15:13-17) Ang mga Hentil ay napabilang sa kanila at isinaayos sila na maging bahagi ng simbahan, tapos sila'y kasangkot sa pinaka komisyon ng Panginoon. Ito ang katuparan ng Salita ng mga propeta sa Kanyang simbahan. Ang matuwid na mga tao ay kabahagi ng simbahan ng Diyos, sila'y gumagawa ng may pagkakaisa kasama ang simbahan, sila'y pagpapala sa simbahan at sila'y pinagapala ng Panginoon sa pamamagitan ng simbahan. Upang mangagutom at mangauhaw para sa katuwiran ay maging bahagi ng simbahan ng Diyos, upang gawin ng may pagkakaisa kasama ang simbahan at maging pagpapala sa iba at kasangkot sa maayos n komisyon ng Panginoon.

Sa aking mahal at minamahal:

• Upang mangagutom at mangauhaw para sa katuwiran ay magsisi aa iyong mga kasalanan at mabuhay ka ng para sa Diyos.
• Upang mangagutom at mangauhaw para sa katuwiran ay tanggapin si Kristo bilanh tagapagligtas at Panginoon ng iyong buhay.
• Upang mangagutom at mangauhaw para sa katuwiran ay tanggapin ang bautismo ng tubig.
• Upang mangagutom at mangauhaw para sa katuwiran ay mag pakumbaba at huwag masaktan, magbigay reaksyon at magalit kapag narinig mo ang katotohanan o kung ano sinsabi ng tao tungkol sayo.
• Kung tayo ay nangagutom at nangauhaw para sa katuwiran at mabuhay ng matuwid na nais ng Diyos. Hindi laman tayo niya tatanggapin at titiyakin sa atin at aaliwim tayo, ngunit babaguhin Niya ang puso ng mga tao at ang kanilang paninindigan tungo sa atin at bibigyan Niya tayo ng pabor tungo sa kanila, at itataguyod tayo ng higit pa sa Kanyang kaharian.
• Upang mangagutom at mangauhaw sa katuwiran kailangan natin magpakumbaba bago sa Diyos at tanggapin na makipaguganayan sa simbahan na inilagay ng Diyos sa atin.
• Upang mangagutom at mangauhaw para sa katuwiran, hindi dapat tayo lumuhod sa kahit kanino lingkod ng Diyos. Datawpat kailangan natin makinig at sumunod sa Salita ng Diyos na ipinadala ng Panginoon sa pamamagitan nila.
• Upang mangagutom at mangauhaw para sa katuwiran kailangan ay makinig sa pagtutuwid na nasa Bibliya at katuruan na natatanggap natin mula sa sinumang inilagay ng Diyos sa atin na nasa Panginoon.
• Upang mangagutom at mangauhaw para sa katuwiran kailangan natin maghintay ng may pagtitiis upang matanggap ang Salita ng Diyos at ano ang ipapadala ng Diyos na katuruan sa atin sa pamamagitan ng Kanyang simbahan.
• Upang mangagutom at mangauhaw para sa katuwiran kailangan mo makatanggap ng bautismo ng Banal na Espiritu.
• Upang mangagutom at mangauhaw para sa katuwiran kailangan nating imbitahin ang ating kaibigan, ating pinsan, karagdagan sa ating sangbahayan na marinig ang Salita ng Diyos.
• Upang mangagutom at mangauhaw para sa katuwiran ay maging bahagi ng simbahan ng Diyos, upang gawin ng may pagkakaisa kasama ang simbahan at maging pagpapala sa iba sa pagganap ng pagsangayon natin sa napaka komisyon ng Panginoon.

Ang aking Panalangin: Ama naming Diyos,ako lumalapit sayo bago sa pangalan ni Jesus, na kung saan namatay sa krus sa aking kasalanan para mabigyan ako ng buhay na walang hanggan.

Ating ihayag at talikuran ang ating mga kasalanan sa Panginoon. Ating talikuran ang kamunduhan, ating mga idolo, at ang maling plano, ang masamang paguugali, at ang mali pamamaraan ng buhay na salungat sa Salita ng Diyos. Ating talikuran ang ating katigasan ng uloa, pagmamataas, kawalan ng pagpapakumbaba, pagkampante, kawalan ng pagtatalaga ng sarili.

Ating ibigay ang ating sarili na mamuhay sa kabanalan, at sumunod sa boses ng Diyos at gawin ng may kasigasigan ano ang Kanyang hinihingi sa atin na gawin. Ating ibigay ang ating sarili na may pagkakaisa at pakikipagkasundo sa simbahan mg Diyos na ibinigay sa atin. Ating ibigay ang ating sarili na sumunod sa sa katuruanna ating natanggap at ibahagi sa ating pamilya, kaibigan at kamaganak. Ating ibigay ang ating sarili upang ganap na mkasama sa pinaka komisyong ng Panginoon.

Panginoon itinalaga ko ang akin buhay na naisin na mangagutom at mangauhaw sa katuwiran at gawin ang prinsipyo na aking natutunan mula sa iyong Salita sa mensahe ito. Panginoon, itinatalaga ko ang aking sarili na dinggin ang iyong boses at sa mga tagubilin ng Iyong Salita. Panginoon itinatalaga ko ang aking sarili na ipahayag ang iyong Mabuting Balita sa akin pamilya, sa aking kasambahay, kaibigan at mga kamaganakan.

Panginoon ipinapanalangin ko aking mga kapatid na lalaki at babae na nagpakumbaba anh kanilang mga sarili bago sayo na mamuhay ng buhay na matuwid na nais mong buhay sa kanila at isabuhay ang prinsipyo na natutunan namin sa mula sa iyong Salita sa mensahe ito. Panginoon protektahan mo sila at ibigay ang lahat kanilang kailangan. Panginoon kalingain mo sila at tiyakin sa kanila na ikaw ay kasama nila at ginagabayan sila sa kanilang buhay.Panginonn pununin mo ulit sila ng iyong Banal na Espiritu at gawin mong buhay na patotoo na makakenganyo sa iba upang ng sa gayon ang mga tao ay maniwala sayo at simulang sumunod sayo at mamuhay ng naayon sa iyong Salita at sa iyong katuwiran. Panginoon gamitin mo sila at makagawa ng bagong alagad mo.

Panginoon ipinapanalangin ko kami bilang simbahan na tulungan kami, protektahan kami, at ibigay ang pangangailangan namin upang magpatuloy na magsilbi sayo at gawin ang iyong gawain at iyong kalooban.Panginoon ibaba mo ulit sa amin ang iyong Banal na Espiritu at bigyang daan kami na makapaghayag ng iyong ebanghelyo at maabot ang bago tao ng Mabuting Balita ni Jesus Kristo at kasama ng Salita ng Diyos. Panginoon kamiy nanalangin na ikaw ay magbigay daan sa amin upang makapagtanim ng bagong pagaaral ng Bibliya at bago kapisanan para sa simbahan. Panginoon pagpalain mo kami palawakin mo ang aming lupain sumaamin nawa ang iyong kamay kasama namin at iligtas kami sa kapahamakan upang sa ganon hindi kami masaktan. Nawa ang pagpapala ng Panginoon Hesus at pagibig ng Diyos at ang pagkikipagkaisa ng Banal na Espiritu ay suma ating lahat sa pangalan ni Jesus. Amen

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#:00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE380315157600375316 2014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito:
00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansiyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com.